Republic of the Philippines
**Department of Education**
CARAGA REGION

JUL 27 2022

Hulyo 26, 2022

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 0646, s. 2022

Sa mga: Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan
Ang Rehiyong Ito

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

1. Bilang paggunita sa kalayaang nakamtan ng mga Pilipino, ipinagdiriwang taon-taon ang Buwan ng Wikang Pambansa. Ipinalabas din ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ang tema ngayong taon **"FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA: KASANGKAPAN SA PAGLIKHA AT PAGTUKLAS"** na naglalayong ilaan ang Agosto bílang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

2. Ang taunang pagdiriwang na ito ay nakatugon sa Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997 na nagsasaad na ipinagdiriwang natin ang Buwan ng Wikang Pambansa kada Buwan ng Agosto sa pagpapatibay ni Pangulong Fidel V. Ramos. Maliban sa nakatakda sa nasabing proklamasyon, ito rin ay paggunita sa kaarawan ni Pangulong Manuel L. Quezon, ang Ama ng Pambansang Wika, kada ika-19 ng Agosto.

3. Kabahagi ng pagpupunyagi, ang rehiyon sa pamamagitan ng Sangay sa Kurikulum at Pamamahalang Pampagkatuto (CLMD) ay naghahanay ng mga mungkhahing gawaing kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2022. *(tingnan ang kalakip 1)*

4. Kasabay na inilatag sa mga nasabing gawain ang mga tuntunin nito upang upang maisakatuparan ang tema ng taon. Kaugnay nito, inaasahan ang bawat sangay na magkaroon din isang buwang gawain na naaayon sa preperensya ng nasasakupan. Sa pamamagitan nito, maipapakita at mapapahalagahan ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa gitna ng naranasang pandemya.

5. Inaasahan din ang pagsusumite ng isang naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang sa Lunes, Setyembre 5, 2022.

6. Sa dagdag na katunungan, maaring sumangguni at mag-email kay mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph. o magmensahe sa 09120821145 o sa 09171304852.

Address: J.P. Rosales Avenue, Butuan City
Trunkline No: (085) 342-8207
Telefax No: (085) 342-5969
Email: caraga@deped.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED
Certificate No.: UAE/QMS/2019/1938
2022-07-09666
Document Control No:
DepEdRO13-REC-013/R3/02-18-2020

7. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**MA. GEMMA MERCADO LEDESMA**
Direktor ng Rehiyon


Encls.: Mga Mungkahing Gawain
Reference: Tema-Komisyon ng Wikang Filipinp
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

CELEBRATION CURRICULUM FILIPINO

CLM/mcj
07/26/2022

Kalakip 1 sa MP Blg. 0646, s. 2022

Opisyal na Poster ng Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2022




*Sanggunian: Komisyon ng Wikang Filipino*

Kalakip 2 sa MP Blg. 0646, s. 2021

MUNGKAHING GAWAIN SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

Mungkahing Tema ng Taon:

"FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA: KASANGKAPAN SA PAGLIKHA AT PAGTUKLAS"

| **Petsa/Oras** | **Gawain** | **Mekaniks** |
|---|---|---|
| Agosto 1-31, 2022 | Pagdiriwang ng Buwan Wikang Pambansa 2022 | *Inaanyayahan ang bawat kawani ng rehiyon na magsuot ng Kasuotang Pilipino kada Lunes ng linggo |
| Lunes,<br>Agosto 1, 2022,<br>10:00NU | Oplan-linis sa malapit na makasaysayang pook<br>Kalahok:<br>RD, ARD, Hepe ng bawat *Functional Division*, EPS ng CLMD<br>Kasuotan:<br>Sulong EduKalidad Polo Shirt<br><br>*Magdala ng kagamitang panlinis | *Mangyayari ang paglilinis ng makasaysayang pook/gusali na malapit sa Masao ES, Lungsod ng Butuan<br>*Bubuo ng isang islogan kaugnay sa lugar na mapipili gamit ang wikang katutubo. |
| Biyernes,<br>Agosto 19, 2022 | Pagsulat ng Sanaysay<br>Kalahok: 1 entri bawat FD<br><br>**Pamantayan:**<br>Nilalaman (50%)<br>Kaugnayan sa paksa – 20%<br>Kalinawan sa paglalahad- 20%<br>Orihinalidad – 10%<br>Organisasyon (30%)<br>Kaisahan – 10%<br>Pagkakaugnay- 10%<br>Diin - 10%<br>Mekaniks (20%)<br>Wastong gamit ng Salita – 10%<br>Bantas- 5%<br>Baybay – 5%<br>**Blg ng Salita:**<br>400-500 | *Isumite nang naka-PDF sa Agosto 19, 2022 gamit ang filename format na Sanaysay_FD sa email address na mariaconsuelo.Jamera@deped.gov.ph<br>*Hal: Entri ng CLMD*<br>*Sanaysay_CLMD*<br><br>*Samahan ng pinakabonggang larawan ng kalahok<br><br>**Pinakamagaling na sanaysay**:<br>Ilalathala sa Caraga Newsletter<br>**3 Pinakamagaling na sanaysay**:<br>Mababasa sa Caraga FB Page |
| Miyerkules<br>Agosto 31, 2022,<br>10:00 NU | **Laro ng Wika 2022**<br>Kalahok: 2 kalahok kada FD | *Birtwal na Palatutnunan<br>*May apat na yugto ang laro. Bawat yugto ay maghuhula ang bawat kalahok at isusulat sa *white board.*<br>*Ang mga salita ay piling-pili na may kaugnayan sa kultura, kasaysayan at kasalukuyang pangyayari sa lipunan at edukasyon. |
| Agosto 31, 2021<br>1:00 NH | Birtwal na Pampinid na Palatuntunan<br>**Presentasyon ng mga Dokyu-Kultural**<br><br>Itatampok: 1 bawat SDO | *Pagpapakita ng mga 5-minutong dokyu tungkol sa gawaing pansangay bilang preserbayson ng mga Pamanang Kultural<br>*Kasali ang maikling mensahe ng SDS/ASDS |